



Mga gawain pagkatapos mag-ani

- Ang pag-aani ng talong ay nag uumpisa 46-50 na araw pagkalipat-tanim depende sa binhi na ginamit. Ihiwalay ang mga sirang bunga.

Pag-eempake

- Ilagay ang mga inani na bunga sa tamang lagayan ng mga containers na kayang protektahan ang produkto,
- Gumamit ng kawayan na lagayan (kaing-basket) kahoy na crates o mga kahon at polyethylene bags. Latagan ang ilalim ng mga containers ng mga lumang papel at lagyan ng tuyong dahon ng saging.
- Maglagay ng daanan ng hangin ng malayang makapasok ang hangin sa loob.
- Pag gumamit ng polyethylene bags, maglagay ng dalawang butas na kasing laki ng pin kada kilo ng bunga upang mapanatili na sariwa ang mga bunga sa looban ng 10-14 na araw pagkatapos mag-ani.



 **AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
Regional Training Center - MiMaRoPa
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

 dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph

 (02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473

 www.ati.da.gov.ph/ati-4b

  
@atimimaropa



Gabay sa Produksyon ng TALONG



English Name: Eggplant

Scientific Name:


Solanum melongena esculentum



Ang talong ay itinanim nang malawakan sa Eastern at Southern Asia kasama ang Pilipinas. Isa ito sa pinakamahalagang gulay sa Pilipinas. Ang katawan nito kung minsan ay may madalang na tinik. Ang kulay at hugis ng bunga nito ay depende sa binhing itinanim. Ang mura na bunga nito ay pwedeng ihawin, iprito at ilahok sa iba pang lutuing mga gulay katulad ng kilalang gulay ng mga Ilokano na pinakbet at dinengdeng. Ang mga sustansyang taglay nito ay: *potassium*, *iron*, *protein*, at bitamina A at B. Ito ay natural na may napakababang taglay na *calories* at *fat*. Ang tawag naman sa balat nito ay “*nasunin*” na pinagmumulan ng *anti-oxidant* at *free radicals* na siyang tumutulong upang mapangalagaan ang pagkasira ng cellula sa katawang ng tao. Tinatayang nasa 28 porsyento ng kabuuang produksyon ng gulay sa bansa ay mula sa talong. Ang *value* nito ay nasa pinakamataas at nangunguna sa lahat ng klase ng gulay. Ang lawak ng hektaryang tinataniman para sa talong lamang ay nasa 20,000 hektarya. Karaniwang sukat ng taniman ng maliit na magsasaka ay 0.5 hanggang 2.0 hektaryang sukat. Ang tinatayang ani ng talong kada hektarya sa Pilipinas ay umaabot sa 9.95 tonelada na halos karaniwan nang ani sa Asia at sa mundo.

KINAKAILANGANG LUPA AT KLIMA

Ang talong ay mainam na nabubuhay sa mabuhangin na mabuhaghag at malagkit na mabuhaghag na lupa at may antas na 5.5pH hanggang 6.8pH ng lupa. Ang kinakailangan naman nito na tubig ay 35 hanggang 40 milimetro kada lingo. Ang talong ay bahagyang sensitibo sa pagkabaha at mataas na halumigmig lalo sa panahon na ito ay namumulaklak at nagpapalaki ng bunga. Ang talong ay nangangailangan ng temperatura na 20 hanggang 30 sentegrado . Sa panahon naman na tumutubo ang buti, nangangailangan ito ng temperatura na 21 hanggang 30 sentegrado at sa panahon ng paglaki, ang temperaturang kailangan ay 30 sentegrado.



Aphids—Kinukuha nila ang mga organo sa itaas ng halaman (halaman, dahon, bulaklak) at literal na sinipsip ang lahat ng mga katas ng halaman.

Paraan ng pagsugpo: Bombahin ng siling labuyo o *Silicidin*



Bacterial Wilt o High Blood (*Ralstonia solanacearum*)- Masiglang masigla, biglang malalanta hanggang sa mamatay. Sakit sa lupa.

Lunas.- matibay na variety (A 300, Mara), dugtong sa ligaw na kamag-anak. Makatutulong ang paghalo ng compost sa lupa



Phomopsis (*Phomopsis vexans*) - Nabubulok ang bunga, minsan pati puno. Sakit din ito sa lupa. Mas Malala sa tag-ulan.

Lunas - matibay na variety, haluan ng *Trichoderma o compost* ang lupa

PAMAMARAAN NG PANGANGALAGA

Pagbobomba	Hindi epektibo, magastos, lason, lalong lumalala ang peste.
BIOCONTROL - Trichogramma Chilonis	40,000 parasitoids/ha, simula 42 araw pagkatanim at lingo-lingo maglagay.

Pangkalahatang Pangangalaga

- Gumagamit ng matibay na *variety*
- Mag salit-tanim, iwasan ang *monocropping*
- Magkilib at iwasan ang walang kadamo-damo
- Magtanim ng pantaboy sa peste gaya ng Amarillo, salay, luya, atbp.
- Magtanim ng trap plants gaya ng okra
- Panatilihin ang mga kaibigng kulisap
- Gumamit ng gata ng niyog na pamuksa sa tulad ng mga pesteng Aphids at *scale insects*. Ito ay pampabaog ng itlog ng insekto at uod.

Proseso ng paggawa :

1. Kayurin ang 2 niyog
2. Lagyan ng 1 litrong tubig at pigain
3. Lagyan ulit ng 1 litrong tubig para sa pangalawang pagpiga
4. Ihalo ng maigi ang 1 pirasong perla na sabon sa 2 litrong gata ng niyog hanggang matunaw

Paggamit:

Ihalo ang 1 parte ng gata na may sabon sa 10 litrong tubig at i-spray sa hapon ng dalawang beses na may 2 araw ang pagitan

⇒ **Pruning**

- Ang pruning ay ginagawa upang makamit ang maganda at pantay pantay na laki ng halaman at maagang pag-aani ng mga bunga.
- Ito ay gagawin 10-20 araw pagkalipat tanim at kung may makikitang lumang dahon at mga sanga sa katawan ng talong. Ang pagpo-pruning ay dapat gawin sa umaga upang mapabilis ang paghilom s asugat ng halaman.



⇒ **Pangangalaga laban sa Peste at Sakit**

- Pangalagaan ang halaman sa sakit at peste. Panatilihin ang kalinisan ng paligd. Magtanim ng mga halaman ng pantaboy ng insekto. Magsanay din ng ikot tanim (*crop rotation*).
- Ang mapanirang peste ng talong ay ang *fruit and shoot borer*.



Matandang paru-paru



Uod at sira sa bunga at talbos

KULTURAL NA PAMAMAHALA AT GAWI

⇒ **Pagpili ng binhi**

- Para sa mataas na ani at tubo, mainam na pumili ng binhi na angkop sa kondisyon ng lugar at kilala sa merkado.
- Pumili ng binhi na matibay sa sakit at peste

⇒ **Paghahanda nglupa**

- Aruruhin at suyurin ang tanim ng dalawa hanggang tatlong beses na may pagitan na isang linggo upang masugpo ang pagtubo ng damo.
- Pagkatapos ng huling pagsusuyod haluan ito ng compost o pinatuyong ipot ng manok na may timbang na 500 gramo kada tudling.
- Gumawa ng mga tudling na may lapad na isang metro (1m) at depende sa haba ng lupang taniman. Ang distansyang pagitan ng bawat tudling ay kalahating metro (0.5m).
- Sa bawat tudling gumawa ng mga butas na pagtataniman na may pagitan na kalahating metro kung tag-araw at 0.75m kung pag tag-ulan.





Pagtatanim

Paglilipat tanim o pagpupunla

- Ang isang ektarya ng lupang sakahan ay nangangailangan ng 150 hanggang 200 gramo ng buto.
- Maghanda ng punlaan na may pinaghalu-halong 2 parte ng compost, 1 parte ng lupa at 1 parte ng inuling na ipa.
- Ilagay ito sa mga ginawang punlaan tulad ng *seedling tray* o binalot na dahon ng saging at niyog.

MGA PESTE AT SAKIT NG TALONG

Shoot and Fruit Borer	<i>(Leuconoides orbonalis)</i> - nalalanta ang talbos, sira ang bunga. Kolektahin ang lantang talbos. Mag-ilaw sa gabi at gumamit ng <i>Trichogramma</i> at <i>Sex Pheromone</i> .
	<i>Epilachna beetles</i> —Kumakain ng dahon at nagiiwan ng mga butas. Karaniwang nagiging sanhi ng pagkamatay ng mga punla. Paraan ng pagsugpo: Sabuyan ng abo ang dahon.
	<i>Whitefly</i> — Nakikita sa ilalim ng mga dahon. Sumisipsip ng katas (<i>sap</i>) ng halaman. Paraan ng pagsugpo: Bombahin ng sabon o <i>Perlathion</i>

Paraan sa Paggawa ng Sariling Seedling Tray

1. Kumuha ng kahoy na kwadrado na magsisilbing kamang punlaan.
2. Kumuha ng dahon ng saging at putulin o gupitin ito nang may lapad na dalawang (2) pulgada.
3. Iporma ito pabilog at tusukan ng tingting ng walis ang magkabilang dulo nito upang hindi bumuka.
4. Ihilera ang mga binilog na dahon ng saging



- Diligan ang punlaan at balutin ng *transparent na plastic* upang maisterelize ang lupa at hayaan na mabilad sa araw ng maghapon. Pagkalipas nito ay palamigin at maari nang maglagay ng buto ng halaman.
- Ilagay ang mga punlaan sa mga lugar na may mga pansamantalang lilom at palagiang diligan.
- Patibayin ang punla sa pamamagitan ng paminsan minsan na pagbibilad sa araw at pagbabawas sa pagdidilig.
- Maglipat ng isang punla kada butas na may pagitan na kalahating metro bawat dalawamput isang (21) araw pagkasibol o di kaya ay pag meron na itong dalawang tunay na dahon (*true leaves*).
- Maglipat ng punla sa dakong hapon o di kaya ay sa panahon na maulap.
- Maghulip kung may mga namatay na punla pagkalipas ng isang linggo.



⇒ **Paglilagay ng abono**

- Ang dami ng ililagay na abono ay nakadepende sa taba ng lupa at sa mga nagdaan na sinusundan ng tanim at base din sa resulta ng pag aanalisa ng lupa. Pag hindi napa-analisa ang lupa ay gumamit ng tamang dami batay sa mga sumusunod na rekomendasyon.

ORAS NG PAGLALAGAY	URI NG ABONO	DAMI NG ABONO	EDAD NG HALAMAN
Bago maghanda ng lupa	Maglagay ng organikong pataba. Halimbawa: pinatuyong dumi ng hayop, vermicompost at mga nabulok na damo	5,000 kilo kada ektarya	
Paunang abono	Urea (46-0-0)	Isang kutsara sa kada gallon ng tubig	Punla sa loob ng nursery
Paupong abono	Complete (14-14-14)	Isang kutsara kada halaman	Sa paglilipat tanim
Padalawang pag aabono	Urea(46-0-0)	15 gramo kada halaman	10-15 na araw pagkalipat tanim
	Muriate of potash (0-0-60)	15 gramo kada halaman	10-15 na araw pagkalipat tanim
Pahabol na abono	Urea (46-0-0)	15 gramo kada halaman	30 araw pagkalipat tanim

- Ang paupong abono ay mahalaga upang makamit ang malusog at matitibay na binhi bago mamulaklak. Ang pagkaantala ng pahabol na abono ay magreresulta ng mahinang mga tanim at maliit na bunga.
- Sa organikong pamamaraan maglagay ng 1 kilo ng compost sa kada puno makalipas ang dalawang linggo pagkatanim at ispreyan ng mga *concoction* tulad ng mga binurong katas ng halaman(FPJ) at pwede rin gumamit ng *tea manure* at *vermi tea*. *Ispraying* ito dalawang beses sa isang linggo. Mainam din na lagyan ng tulos sa bawat tabi ng puno ng talong upang hindi ito matumba at maiwasan ang pagkatumba.

⇒ **Pagpapatubig**

- Patubigan ang halaman kung kinakailangan. Patubigan ang lupang taniman ng apat hanggang limang beses pagkalipat tanim at 14 na araw bago ang huling pag-aani.
- Patubigan sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng tubig sa pagitan ng mga tudling.
- Hindi dapat ito mababad sa tubig dahil maari itong magdulot ng pagkabulok ng ugat.

⇒ **Pangagasiwa ng damo**

- Bungkalin ang bawat pagitan ng halaman sa tudling sa pamamagitan ng paglalayo ng lupa (*off-barring*) sa edad ng 14-21 araw pagkalipat tanim. At muling ibalik ang lupa sa edad na 28-35 araw pagkalipat tanim. At manaka naka na pagdadamo pagkalipas ng paglalayo ng lupa at muling ibalik kung may nakikita pa na damo at maari rin gumamit ng kilib (*mulch*).



Mga uri ng kilib

1. Organikong kilib: halimbawa nito ay dayami, tuyong kugon at iba pang parte ng halaman
2. Inorganikong kilib: halimbawa nito ay ang nabibili natin na *plastic mulch*
3. Buhay na kilib: halimbawa naman nito ay pechay, kangkong at iba pang madahon na halaman



Ang kilib ay nakakatulong upang masugpo ang damo at mapanatili ang halumigmig ng lupa at maiwasan na mapalapat ang bunga ng talong sa lupa para maiwasan ang pagkabulok ng bunga.